Interior Health

# Syphilis Testing sa Emergency Department

Syphilis Testing in the Emergency Department

Tagalog

Impormasyon para sa Pasyente

www.interiorhealth.ca

## Ano ang dapat mong malaman:

Ang mga pasyenteng dumarating sa Emergency Department nang may mga takdang medikal na kondisyon ay awtomatikong gagawan ng syphilis test kasama ng kanilang diagnostic blood work.

Ang impeksyon ng syphilis ay maaaring walang mga sintomas, kaya't maraming mga tao ang hindi nagpapa-test. Ang Emergency Department ay mahusay na lugar para magpa-test para sa syphilis ang mga pasyenteng maaaring hindi sana magpapa-test at hindi magagamot.

Ang kaisa-isang paraan para malaman kung ikaw ay may syphilis ay ang magpa-test. Ang syphilis ay maaaring magamot, pero kung hindi ito ginamot, ito'y maaaring maging isang malubhang impeksyon na mapanganib sa buhay. Mangyaring sabihin sa amin kung ayaw mong magpa-test para sa syphilis.

## Kahit wala kang mga sintomas, maaari mo pa ring maimpeksyon ang iba.

## Paano ko ba makukuha ang aking mga resulta?

*Huwag tawagan ang Emergency Department na nangolekta ng iyong sample. Hindi nila hawak ang iyong mga resulta.*

Kung ang iyong mga test ay negative, hindi ka kokontakin. Maaari mong ma-access ang iyong mga resulta sa pamamagitan ng:

- Pagtawag nang toll-free sa 1-866-778-7736 para makuha ang iyong mga resulta **dalawang linggo** pagkatapos ng iyong test. **O KAYA**
- Pagpunta sa Health Gateway: www.healthgateway.gov.bc.ca **O KAYA**
- Pag-follow up sa iyong health care provider.

Kung sa palagay mo'y nalantad ka sa syphilis at hindi ito na-detect sa mga resulta ng iyong test, o kung sa palagay mo'y mayroon kang mga sintomas ng impeksyon ng syphilis, kausapin ang iyong health care provider.

Kung positive ang iyong test para sa syphilis:

Kokontakin ka ng isang nurse at bibigyan ka niya ng follow-up care; ikokonekta ka rin niya sa isang health care provider kung wala ka nito.

## Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang (For more information, visit):

Smart Sex Resource:
www.smartsexresource.com

Interior Health:
https://www.interiorhealth.ca/syphilis

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Tumawag sa 8-1-1** Healthlink BC www.healthlinkbc.ca | Nurse | 24 oras bawat araw | Araw-araw |
| | Dietitian | 9 am – 5 pm | Lunes-Biyernes |
| | Pharmacist | 5 pm – 9 am | Araw-araw |
| | Kung May Kahirapan sa Pandinig | Tumawag sa 7-1-1 | |
| | Tumawag sa 8-1-1 upang kumausap sa isang nurse, upang magtanong sa isang dietitian tungkol sa nutrisyon, o upang kausapin ang isang pharmacist tungkol sa iyong gamot. | | |